



## Human Services Agency: Mga Madalas Itanong Pagkatapos ng Eleksyon

Ang impormasyong ito ay bago at wasto simula noong Marso 8, 2017

### 1. Nagbago ba ang mga tulong na programa ng benepisyo sa publiko ng Ahensiya ng Mga Serbisyo sa Tao (Human Services Agency, HSA) sa anumang paraan simula nang eleksyon ng Presidente?

Hindi. Batid nating mayroong tumaas na kawalan ng katiyakan at pagkabalisa tungkol sa Medi-Cal, CalFresh, CalWORKs at iba pang mga pampublikong tulong na programa sa kabila ng mga pahayag na ginawa sa mga executive order ng Presidente, balita at sa ibang lugar. Gayunpaman, walang ginawang pagbabago sa alinman sa mga pampublikong programa ng benepisyo na pinangangasiwaan ng HSA.

Kung karapat-dapat kayong tumanggap ngayon ng Medi-Cal, CalFresh, CalWORKS, tulong na salapi, may subsidiyang pag-aalaga ng bata o Mga Pansuportang Serbisyo sa Tahanan (In-Home Supportive Services, IHSS), kayo ay karapat-dapat pa ring tumanggap ng mga benepisyong iyon.

### 2. Nag-aalala ako sa pagkapribado ng aking impormasyon. Paano ginagamit ng Human Services Agency ang impormasyong ibinigay tungkol sa aking sarili o sa aking pamilya?

Ginagamit ng HSA ang impormasyong ibinigay ninyo sa amin upang malaman lang kung karapat-dapat kayo para sa mga benepisyo. Maaari naming kailanganing beripikahin sa pederal na pamahalaan ang impormasyong ibinigay ninyo sa isang application para sa pampublikong benepisyo, ngunit upang kumpirmahin lang ang inyong pagiging karapat-dapat na tumanggap ng mga serbisyo. Hindi namin ibinabahagi ang anumang impormasyon tungkol sa mga miyembro ng sambahayan na hindi nag-aapply para sa mga benepisyo. Hindi ina-access ng pederal na pamahalaan ang aming mga sistema para sa aksyon ng pagpapatupad ng imigrasyon.

### 3. Naglabas ng mga executive order ang Presidente tungkol sa imigrasyon at pagpapatupad ng imigrasyon. Binabago ba ng mga anunsyong ito ang kakayahan ng mga imigrante at mga legal na residente ang kakayahang lumahok sa mga pampublikong benepisyo tulad ng Medi-Cal, CalFresh at CalWORKs?

Kung kayo o ang inyong pamilya ay karapat-dapat ngayon para sa mga pampublikong benepisyo o serbisyo, karapat-dapat pa rin kayo. Sa kasalukuyan walang mga pagbabago sa mga kinakailangan para maging karapat-dapat para sa pampublikong tulong ng California, coverage para sa pangangalaga ng inyong kalusugan o kung paano namin ginagamit ang inyong impormasyon. Kabilang dito ang lahat ng tuntunin sa pagiging karapat-dapat na nakakaapekto sa mga imigrante.

Sa kabila ng narinig o nabasa ninyo, hindi binago ng pederal na pamahalaan kung paano inilalapat sa lahat ang mga tuntunin ng "public charge." Ang public charge ay isang salitang ginagamit sa batas ng imigrasyon upang ilarawan ang isang tao na malamang na umasa sa mga benepisyo mula sa pamahalaan upang makaraos sa buhay. Sa ngayon, ang paggamit ng CalFresh o Medi-Cal ay hindi nakaapekto sa katayuan sa imigrasyon at hindi magiging dahilan upang ituring ng mga opisyal ng imigrasyon ang sinuman bilang public charge. Gayunpaman, sa kasalukuyang patakaran, ang pagtanggap ng tulong na salapi sa pamamagitan ng CalWORKs at ng pangmatagalang pangangalaga ng institusyon na binabayaran ng Medi-Cal ay maaaring maging dahilan upang ituring kayo bilang isang public charge.

Patuloy naming ipoproseso ang lahat ng application at pag-renew at magbibigay ng mga benepisyo sa inyo gaya ng ginawa namin dati.

### 4. Aalisin ba sa mga sistema ng California ang aking impormasyon kapag itinigil ang aking mga benepisyo?

Hindi. Ang mga sistema ng computer ng estado at lugar ay nagpapanatili ng rekord ng inyong lumang kaso, kaya nasa file pa rin namin ang inyong impormasyon. Ang pagpiling itigil ang inyong mga benepisyo ay magresulta sa pagkawala ng mahalagang coverage sa pangangalagang pangkalusugan, tulong na salapi at pagkain. Umaasa kaming tulongan kayo upang patuloy na tumanggap ng tulong na karapat-dapat ninyong matanggap ngayon ng inyong pamilya.

### 5. Anong uri ng mga pagbabago ang pinaghahandaan ng Human Services Agency?

Ang karamihan sa tinalakay na impormasyon sa mga kamakailang balita ay tungkol sa mga pagbabago na maaaring mangyari sa hinaharap. Gayunpaman, ang malaking mga pagbabago sa mga pampublikong programa tulad ng Medi-Cal, CalFresh at



CalWORKs ay hindi agad-agad na mangyayari; kadalasan nangangailangan ang mga ito ng pag-apruba ng Kongreso na matagal bago magkabisá.

Ang mahalagang bagay na dapat malaman ay mahigpit naming sinusubaybayan ang mga aksyon sa pederal na antas, at sasabihan kayo *kung* mayroong anumang mga pagbabago na makakaapekto sa kakayahan ninyo o ng inyong pamilya na tumanggap ng mga benepisyo.

**6. Mayroon pa rin akong mga tanong tungkol sa kung paano maaaring makaapekto sa aking katayuan sa imigrasyon o pagiging mamamayan ang paglahok sa mga pampublikong programa ng benepisyo. Maaari ba akong tulungan ng Human Services Agency?**

Ang HSA ay hindi maaaring magbigay ng gabay na naaayon sa batas na partikular sa inyo at sa inyong pamilya. Hinihikayat namin kayong humingi ng payo mula sa isang marangal na nonprofit na tagabigay ng serbisyo sa imigrasyon. Maaari namin kayong bigyan ng listahan ng mga inirerekomandang ahensiya.